

# Finding Teo

Panimulang Tula/Tala sa Tula/Talambuhay

---

**Joselito D. Delos Reyes**

Unibersidad ng Santo Tomas, Espana, Manila  
España, Manila

## Abstract

This essay explores the trails that lead to the writing of the biography of a Tagalog poet who may be considered as an important name in contemporary Philippine Literature, Teo T. Antonio. In discussing the biographical aspects that reverberate across his poems, the essay tries to address the need to start a Popular Biography project like this essay which is meant for a broader and more diverse audience, rather than limited literati. The essay also deals with the steps in the writing process of this popular form while also deploying some literary elements. All in all, this experiment into a kind of biographical writing tries to come to an understanding of the author's poetic output without necessarily going the way of the traditional biographical approach, a genre of popular biography which may be called "Tulambuhay." Drawing from the proposed methodology of scholar Leon Edel (1973) in the field of Literary Biography while also heeding the call of National Artist for Literature Dr. Bienvenido Lumbera (1997) to contextualize a literary work in society, humanize the creative production of Filipino artists, and understand the important forces that might have influenced the author's work, namely, the author's life itself. The paper affirms that poetry as life itself should never be denied to as many readers as may be reached.

## Abstrak

Nilalaman ng pananaliksik na ito ang natatanging bahagi ng topograpiya at landas na tinahak ng pagsulat ng biyograpiya ng isang makatang maituturing na muhon ng kasaysayang pampanitikan sa bansa, si Teo T. Antonio. Bukod sa mismong Tulambuhay, binigyang diin ang dahilan kung bakit dapat pasimulan ang proyektong Popular Biography; kung bakit dapat pang sumulat ng biyograpiya para sa malawak na pagtanaw sa mundo ng panitikan at pagsulat; ang paraan kung paano lalandasin ang biyograpiya bilang babasahing popular at pampanitikan; at ang mungkahing proseso sa pagsulat at pakikipagniig sa proyekto ng mananaliksik. Inilalahad ng mananaliksik ang paglalapat ng iniakmang metodolohiya o pamamaraang ipinapanukala nina Leon Edel (1973) sa larang ng Literary Biography—bagamat binigyan ng pag-akma ng mananaliksik upang lumapat sa kontekstong Filipino, at Bienvenido Lumbera (1997) sa konteksto naman ng lokal na pagsulat ng biyograpiyang pampanitikang may tuon sa pag-humanize sa paksa, o mas tiyak: mas malalim na pagkilala sa iba't ibang pwersang sikolohikal at panlipunan na pinaglulunsaran ng manlilikha. Buhay ng manlilikhang hindi dapat ipagkait sa pamayanang akademiya, sa mga karaniwang mambabasa, at tumatangkilik sa panitikan sa ating bansa sa kabuuan tungo sa malapit na hinaharap.

## Keywords

Teo T. Antonio, literary biography, poetics, Filipino poetry



Teo Antonio

## Panimula

Babala. Ang unang bahaging mababasa ninyo ay ubod ng boring na teksto. Amoy akademik at tokador. Pagbigyan na muna ninyo ako sa pagbibitaw ko ng maraming pangalan at kung ano-ano ang sinasabi nila, silang mas eksperto, hinggil sa proyekto kung paano sumulat ng panimulang biography, o biyograpiya sa kahabaan ng papel na ito.

Pero, teka, bakit ganito muna ang pagkakasulat nito?

Mahalaga ang paraan kung paano pinadaloy ang naratibo ng biyograpiya, ayon kay Cristina Pantoja Hidalgo, ang kasalukuyang direktor ng UST Center for Creative Writing and Literary Studies. Nakasalalay dito ang binabanggit niyang “writer’s attitude towards his subject.” Ang tono ng naratibo ang magdadala ng kahulugan sa mga mambabasa ng pananaliksik, ito man ay nakaakma sa mga akademiko o karaniwang mambabasa, o katulad ng papel na ito, sa pareho (38).

Samantala, ang estilo, ayon pa rin kay Pantoja Hidalgo ay tumutukoy naman sa marka ng personalidad ng manunulat/mananaliksik. Ito ang partikular niyang paraan kung paano gagamitin ang wika ng naratibo (42). Sa malawak na paliwanag ng beteranong manunulat at propesor, nakatuon ang pananaliksik hindi lamang sa mga mambabasang akademiko, kung hindi upang ilapit pang lalo ang biyograpiya sa karaniwang mambabasa.

Sa ganitong paraan ng naratibo, higit na iniakma ang napapanahong wika, hindi esoteriko at hindi rin naman luma, kombersasyonal. Napapanahon din kasi ang paksa ng pananaliksik, ang mga tula at ang mismong makatang si Teo T. Antonio, na patuloy na tumutula hindi na lamang sa mga pahayagan, dyornal, antolohiya, kung hindi maging sa mas malawak na espasyo ng social netwok. Ang ganitong paraan ng paglulunsad ng akda ay maaaring ituring na pag-angkop ng paksa sa nagbabagong paraan ng pagbasa ng akda: buhat sa mga aklat tungong Internet.

Ngayon, bakit may ganitong proyekto?

Mawawalang saysay kung hindi man mahina ang bisa ng anumang nasulat hinggil sa makata/paksa ng pananaliksik gaya nito kung hindi rin lang makaabot sa labas ng maliit na sakop ng babasahing akademiko o pananaliksik na nakaluklok sa mga amoy tokador at alkampor na aklatan. Tulad

ng nabanggit ni Bienvenido Lumbera, Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan, sa kaniyang aklat na *Revaluation*, hinggil sa kung paano pa mailalapit ang mga akdang pampanitikan sa mambabasa, sinabi niyang ang suliranin ay “[Vernacular literature] awaits to be collected, classified and then analyzed” (90). At mula rito ay nagpanukala rin siya na ng isang “tentative methodology” upang makamit ang pagkolekta, pagklasipika, at pagsuri ng mga akdang pampanitikan.

Isa sa mga inihaing panukala ni Lumbera, na magiging kritikal at pangunahing suhay ng pananaliksik na ito, ay ang “[To humanize] the literary work.” Sabi ni Lumbera: “This consists of identifying the provenance of the literary work and establishing its links with the writer’s life and other works. Background information of the literary work and on the writer is vital to determine the context within which the piece should be studied.” Ibig sabihin, ang pag-aaral hindi lamang ng akda kung hindi maging ang mismong manlilikha ng akda ay kritikal sa pag-aaral ng panitikang bernakular. Hayan, lumalapit na tayo sa sagot kung bakit kailangang isa-biography ang akda at manlilikha.

Lalo pang iginiit ni Lumbera ang pangangailangang i-“humanize” ang mga akdang pampanitikan higit sa biyograpiyang nagtataglay, na ayon sa kaniya, ay “enumeration of data that barely hint at the dynamic intercourse between the writer and his work and social setting.” Ang pangangailangan ay isang pananaliksik na nakabatay sa kaniyang panukalang pamamaraan o metodolohiyang dapat magtaglay ng “deeper appreciation of various psychological and social pressures that underlie creative writing. This would allow the reader to gain an insight not only into a poem or play but also into the mind of the artist and the structures of a given society” (91).

Samantala, iminungkahi naman ni Leon Edel ang kahalagahan ng higit na deretsahang *Literary Biography* upang ayon sa kaniya ay “to restore the very sense of life to the inert materials that survive an individual’s passage on this earth,” na tumutukoy sa mga kathang tiyak na maiiwan ng makata/manunulat sa kaniyang pagyao. Idinagdag pa niya na ang biographical process ay “civilizing—a humanizing—process.” Pinatingkad pang lalo ng Amerikanong si Edel na ang biyograpiya ay isang tala (record sa Ingles)

gamit ang mga salita na "...of something that is mercurial and as flowing, as compact of temperament and emotion, as the human spirit itself (1).

Mabigat na katangiang dapat taglayin ng mga nagnanais sumulat ng biyograpiya na maging masinop, organisado at lohikal sa paglalarawan ng "elusive flamelike human spirit" ng sinumang ginagawan ng biyograpiya. May mahalagang pansin din si Edel hinggil sa pagsulat ng biyograpiya na ang saligan ay buhay at hindi lamang ang walang-buhay na katha (*inert materials*, ayon kay Leon), na lalong nagpaningning sa pangangailangang isulat ang buhay ng makatang patuloy na humihinga. Sabi ni Edel,

The biographer that works from life... has an extraordinary advantage over the biographer who works from the document... He has seen his man in the flesh, he has been aware of a three-dimensional being, drawing breath and sitting in the midst of an age they both share. In his mind he retains a sharp image of his subject. He has heard the voice and seen the gesture (23-24).

Sa ganitong linya ng pagbibigay ng dahilan sa pagsulat ng biyograpiya, mangangailangan ng pagmamadali upang hindi abutin, muli, ayon kay Edel, ng "[The latecoming biographer] hears only the rustle of the pages amid the silence of the tomb." (24) Isa pa ring malinaw na puntong mapanghahawakan na dapat isulat ang biyograpiya hangga't naririto sa daigdig ang paksa. Hangga't wika nga'y kapiling ng mananaliksik o biyograpo.

Samantala, batay pa rin sa proposisyong iminumungkahi ni Edel ang prosesong dapat isakatuparan ng sinumang susulat ng biyograpiya na inilahad niya sa pagkakasunod na kabanata ng kaniyang aklat/manwal sa pagsulat ng biyograpiya. Bagay na isinakatuparan ng mananaliksik dito. **Una** ang pamimili ng subjek na sa papel na ito ay nakatuon sa dakilang makatang si Teo T. Antonio. **Ikalawa**, matapos ang rekisito ng pagpili ng subjek ay ang pangangalap at paghahanap ng materyal: nalathala at hindi nalathalang tula, sanaysay, liham, at sa kasalukuyan, komento at istatus sa social networks. Sa puntong ito, inilapat ang diakronikong pagpili ng kumakatawag tula sa bawat panahong isinalaysay ng mananaliksik ang hinggil sa buhay ni Antonio bilang makata ng bayan: ang tradisyon ng nakamihasan

niyang pagtula; mga tula sa panahon at matapos ang Batas Militar; at ang kaniyang mga tula sa panahon ng Internet.

**Ikatlo**, at ang sinasabi ni Edel na pinakakritikal ay ang kritisismo ng mga *sampling* ng akda ng subjek. Tandaan na prolipiko si Antonio na gumagamit na rin ng social media sa paglalathala ng kaniyang tula lalo't nakatira na siya, sana'y pansamantala, sa Estados Unidos.

Gayunman, upang higit na umakma sa kontekstong Filipino ang pananaliksik, tinumbasan ng maka-Filipinong panunuri ang mga *sampling* na tula batay naman sa proposisyong pangkritika ni Virgilio S. Almario, ang Bagong Pormalismong Filipino na magpapahaba at magpapalawak sa “pambansang gunita” at “tuklasin at payabungin ang sariling wika ng panunuring pampanitikan” (2).

**Ikaapat** sa prosesong dapat daanan ng sumusulat ng biyograpiya ang konsiderasyon sa oras, ang kulminasyon ng kaniyang gawain bilang biyograpo kung kailan nagsasama-sama ang katangiang kumilala, imbestigador, kritiko, at sikologo. Sinasabi ni Edel na kritikal ang pagtimbang sa tanong na “kailan.” Nakasalalay sa kamay ng biyograpo ang kaniyang isusulat: kung kailan, at anong bahagi ng buhay magsisimula at magtatapos (123).

Upang matugunan ang kahingiang ito, sinaklaw ng pananaliksik ang panahon buhat nang siya ay unang maglathala ng tula—o bumigkas ng tula dahil mayroong mapanghahawakang katibayan hinggil dito, ang narasyon ng panganay na kapatid ng paksa—hanggang sa taong 2013, na malaking tsansang kabilang ang mga tulang isinulat ni Antonio sa social network. Pero sa pagkakataong ito, tatalakayin lamang ay ang panimulang pagtalakay sa buhay ng makata pati na ang panimulang pagkokonteksto ng kaniyang buhay sa lipunan.

Sa bisa ng ganitong pananaw at panukala ng ating Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan na si Lumbera, at ang panukala ni Edel, dadaloy ang pag-aaral, pagsusuri, at pagpapakilala sa Tulambuhay ni Teo T. Antonio. Ito ang tugon ng mananaliksik sa hamon. At hindi ito madali.

Oo nga't dapat i-humanize, bakit naman biography? Marami na kasing nagsabi hinggil sa kakaibang estado ng pagsulat ng biyograpiya na nakalapat sa mas malawak na larang ng pagsulat ng panitikan at kasaysayan. Para

kay Pantoja Hidalgo halimbawa, sa kaniyang aklat na *Creative Non-fiction A Manual for Filipino Writers* (2005), may ilang akademiko na diumano ang kumikilalang ang pagsulat ng biyograpiya—o ang mismong biyograpiya bilang produkto ng paglikha—ay wala sa kategorya at larang ng panitikan kung hindi sa kasaysayan. History. Taglay kasi ng pagsulat ng biyograpiya ang lagi nang usapin ng “accuracy or verifiability” ng mga datos. Ayon pa rin kay Pantoja Hidalgo, maging ang mga historyador ay naniniwala na ring ang tinatawag na “kasaysayan” ay isang katibayang impluwensiyado ng establisdong opinyon ng panahon kung kailan ito nagmula. Naghilera pa siya ng mga katuwiran upang patunayan ang nagbabagong pagkilala sa “katotohanang” dapat taglayin ng biyograpiya buhat sa awtor na si John Garraty noong 1957 na nagsasabing dapat nakabatay sa kasaysayan at agham ang biyograpiya, hanggang sa napapanahong opinyon ng biographer na si Ira Nadel na nagsabing “facts are not conclusions... they are susceptible to manipulation, alteration, misuse... to sustain an interpretation” (174-175).

Gayunman, nilinaw ni Pantoja Hidalgo, isa sa mga nangungunang manunulat sa bansa ng creative nonfiction kung saan kabilang ang pagsulat ng biyograpiya, sa parehong aklat na ang kasalukuyang tunguhin ng pagsulat ng biyograpiya ay nakatuon na buhat sa “accumulation and accuracy” tungong “appraisal and presentation.” Wika pa niya, ang “[Biography] was moving away from history and closer to fiction” (175). Dagdag pa niyang paliwanag, “Whereas traditional biography had tried to present ‘a complete picture,’ contemporary biography begins with the recognition that this complete picture is impossible.”

Hanggang kailan kailangan ang fact sa biyograpiya? Isa itong tanong na sinipi ni Pantoja Hidalgo sa biographer na si Nadel na sinipi naman ang dakilang manunulat na si Virginia Woolf na gumamit ng terminong “creative fact” o isang “fact that suggests and engenders.”

Hindi maitatago na ang biyograpiya ay isang uri rin ng pananaliksik sa kasaysayan, “since it is, first of all, about a person who actually lived, and often, about a person who helped shaped his or her times; and secondly, because an important part of biography is the reconstruction of those times” (176).



Gayunman, inilapit din ni Pantoja Hidalgo ang biyograpiya sa pagsulat ng katha o fiction. Tulad ng mga katha, kuwento o nobela halimbawa, mayroon ding tema ang biyograpiya mula sa mga makakalap na impormasyon ng mananaliksik. Buhat sa temang ito, mapipili ng mananaliksik ang detalye at kung ano ang plot o banghay ng kaniyang naratibong nakalapat sa setting o tagpuan. Mahahayag ang banghay na ito sa pamamagitan ng mga elemento rin ng katha: mga tunggalian, mga natatanging pangyayari, panulukan, at iba pa. Dagdag pa ni Pantoja Hidalgo: “The biographer must find a way to weave through these themes together so that they become unified somehow—through emphasis, through tone—so that a meaning can emerge. And, of course, he or she must determine the prose style most appropriate to the telling of this story” (180).

Isa pa ring patunay sa lehitimasyon ng biyograpiya sa panitikan ang binabanggit ni Richard Holmes, biographer at fellow ng Royal Society of Literature sa Britanya, na ang biyograpiya ay “mongrel art.” Ayon sa kaniya, supling ang biyograpiya—ang ayon sa kaniya ay “most lovable of modern English literary forms”—ng “unholy alliance” ng fiction o katha at fact o katotohanan.

Pinagdududahan ni Holmes ang lehitimasyon ng biographer bilang manunulat sa lente ng etika. Itinanong niya sa iba pang nagnanais sumulat ng biyograpiya ang proposisyong ano ang karapatan, ang taglay ng manunulat na pumasok sa pribadong buhay ng kaniyang paksa? (17)

Kinuwestiyon din ni Holmes ang usapin ng awtensidad sa pagsulat ng biyograpiya. Sinasabi niya na ang mga resources o sanggunian ng mga biographer, bagay na inimik din ng aklat ni Pantoja Hidalgo, ay kalimitang unreliable o hindi maaasahan tulad halimbawa ng memorya; biased o may pagkiling ang mga memoirs; gayundin ang liham na “slanted towards their readers”; maging ang mga talaarawan ay nakatuon diumano sa “self-invention” kung kaya hindi rin maaasahang “ultimate truth of private fact or feeling.” Lahat ito, ayon kay Holmes, ay pag-iimbentong isinasagawa ng biographer sa pagbuo ng kaniyang kuwento nakabatay sa isang “factual pattern” mula sa “fictional or reinvented element” (17). Pagtatapos pa ni Holmes, dapat diumanong mayroong matapos na bersyon ng katotohanang likha o

imbensiyon ng biographer. Isang “final, truthful, definitive” na salaysay na lagi nang dapat ituring bilang “chimera” o likhang-isip. Sabi pa ni Holmes: “Truth, [in this sense], is something of a floating currency; and the exchange rates alter through history” (18).

Noon pa mang 1967, nang malathala ang *Variety of Men*, inamin na ng manunulat, nobelista, at biographer na si C.P. Snow sa kaniyang aklat ng “biyograpiya” ng siyam na kalalakihan sa kasaysayan—Ernest Rutherford, G.H. Hardy, H.G. Wells, Albert Einstein, Lloyd George, Winston Churchill, Robert Frost, Dag Hammarsjold, at Joseph Stalin—na dapat ituring ang kaniyang aklat bilang “personal impressions, and no more than that.”

Impresyon lamang ang kaniyang mga biyograpiyang isinulat sa kabila ng pagsalig niya sa mga autobiographical works ng mga personaheng kaniyang naging paksa, dahil ayon kay Snow: “autobiographical material... can be as misleading as any other, and needs just as critical eye” (xi).

Para naman kay Catherine Peters, sa kaniyang sanaysay na *Secondary Lives: Biography in Context*, ang literary biography ay isang “extended act of attention to one person, a cannonization of a life-and-works, a privileging of one existence over others, and an assumption that the life and the writing are intimately bound up together.” Sinabi din niya na ang isang biographer ay tulad ng isang “romantic-novelist” na naniniwala, tulad din pananaw ni Pantoja Hidalgo hinggil sa parehong pagtataglay elemento ng biyograpiya at akda, sa isang pangunahing tauhan sa banghay na nagmula sa pagsilang hanggang kamatayan (44).

Ganito rin halos ang pambungad ni Edna Zapanta Manlapaz sa kaniyang akdang *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography*. Hindi niya inaming iyon ang katotohanan, bagkus, sinabi niyang ang kaniyang akda ang kaniyang kuwento tungkol sa buhay ng kaniyang paksa (xii).

Ginawang pananda ni Zapanta Manlapaz ang mga tula ni Angela Manalang Gloria, ang nangungunang makata ng kaniyang panahon, bilang naratibo sa kasaysayan ng makata. Tinutumbasan ng may-akda ang mga natatanging pangyayari sa buhay ng makata sa pamamagitan ng kasaysayan ng paglikha, tula bilang testamento at ebidensya ng buhay ni Manalang Gloria.

## Pop-bio

Isa lamang itong maliit na manuskritong hindi tapos. Manuskrito, pero pwedeng-pwede rin namang tawaging personal na journal. O diary para sa mahigit sa anim na buwang sumpa sa sariling haharap sa kompyuter para pag-isahin ang kung anumang datos na nakuha ko. Pwede rin namang pulo-pulong status sa Facebook, o kung mas may tiyaga, tilad-tilad na tweet. Pagninilay itong nabubuo sa kung anuman ang tawag sa sulating ito. Bukas ito sa lahat ng pagpapangalan. Bukas sa kung anong uri ng sulatin ito mababasa. Pwedeng sabihin, sa kategorya ng malikhaing pagsulat: creative non-fiction, personal na sanaysay sa personal na paksa. Popular Biography, tulad ng impersonal na taguring ibininyag at ipinagtanggol ko sa panel bago ako tuluyang pumaloob sa proyektong ito. Nasa biography na ito ang delikadong pagtawid sa pagiging *hagiography* (big word, na ang ibig sabihin lang naman ay paglalathala ng biograpiy na walang ibang naka-sulat kung hindi papuri sa paksa. Naglipana itong ganitong babasahin lalo na kapag kampanya sa halalan, mga komiks na hagiographic, pero ibang usapin ito). Na, totoo, hindi intensyon. Pero totoo rin namang nawawala ang pagtataguri kapag naroon na sa papel ang mga simbolong bantas at titik. Baka nga nagagawi sa pagiging hagiography nang hindi ko namamalayan. Kaya dapat dumidistansya ako sa ginagawa, dahil mahabang gawain ito, tiyak ko. Kaya marami-raming pagsulat at pagdistansya (pagdistansya, katwiran ko kapag mistula akong walang ginagawa kapag tinatanong ako ng misis ko at ng unibersidad kung matatapos na ang proyekto. Isasagot ko, “I need to distance myself sa ginagawa ko.” Naks.).

Totoo ring sulatin na lamang ito. Proyektong biyograpiya. O simpleng “proyekto” ang itatawag ko sa kahabaan ng salaysay na ito. Proyekto itong nababasa mo. Generic na generic. May tula, may pagsasalaysay ng kuwento, may pagbabalik sa nakaraan at pinuntahan. Dahil mahirap panghawakan ang kahit anong taguri sa kalagitnaan ng proyektong sulatin, working title at working genre lang ang lahat. Hindi ito parang sa engineering: tulay kung tulay, bahay kung bahay, makina kung makina. Hindi pwedeng sagutin ang nagtatanong sa kung ano ang ginagawa ng, “Basta, gumagawa ako, kapag mukhang tulay, e di tulay.” Na kapag mukha ring bahay, sasabihing bahay

na tulay na daan. Hindi. Hindi rin parang sa medisina. Hindi parang sa karamihan at kalawakan ng likas na agham.

Tungkol dapat kasi itong sulatin sa isang makata. Pwedeng tungkol “lamang” sa isang makata. Pwedeng tungkol sa isang dakilang makata (na dahil patutunayang dakila ay magiging hagiography na nga, ano ba naman kasing salita ito, laging lumilitaw sa isip at sa proyekto ko). Pero anuman ang pantukoy ko sa makatang ito ay para na ring panghuhusga. Hindi “lamang” o “dakila.” Basta tungkol sa isang makata na tatawagin kong Teo sa kabuuan ng proyekto. Pero, aaminin ko, naglilimita ang salitang “makata.” Nagsusulat din siya ng sanaysay sa kolum sa pahayagan dati, nagtatanghal, bumibigkas, at naging personalidad din sa telebisyon, once upon a time. Ama din siya. Kapatid, anak, asawa, kaibigan sa napakaraming tao. Kakilala. Kaya ngayon pa lang, itatama ko na ang unang pangungusap sa talatang ito. Tungkol ito sa isang tao.

“Popular Biography” ang ginamit kong termino para ilarawan at isalaysay ang kabuuan ng mga titik at bantas na natutunghayan at binabasa mo ngayon at matutunghayan pa matapos ang mahaba kong resistensya ng pagsusulat at lalong mahaba mong resistensya ng pagbabasa. Muli, temporal.

“Popular biography” dahil wala pa akong masabing mas mabisa at mas eksaktong paglalarawan sa mga titik na itong hindi ko mawari kung magbibigay ng kahulugan sa akin, o sa mambabasa. Kung magbibigay ng lugod sa akin, lalo sa iyo, ikaw na mambabasa sa kung alinmang panahon ka na nabibilang ngayon habang binabasa ito. Pero dapat ang lugod. Dahil ito ang saysay ng mga simbolong titik, bantas, numero, at mga espasyo sa pagi-pagitan. May impormasyon, oo, pero dapat naroon ang lugod para magpatuloy sa pagbabasa sa mahaba-habang lakarang ito. At bahagi ng inaakala kong pagbibigay lugod ay paggamit ng wika at tonong hindi esoteriko at hindi purely academic.

Papamagatan ko itong *Panimulang Tula/Tala sa Tula/Talambuhay*. Dahil sa *talambuhay* alone is so 70s. Biro lang. Kasi, sa tula itinatala ni Teo ang kaniyang buhay-buhay. Sa mga tula mo siya mabisang makikilala (pwera kung talagang kakilala mo siya, halimbawa kamag-anak o kaibigan).

Tungkol ito sa pagninilay sa buhay at sa tula. Kung concept mapping ito na ginagamit bilang instrumento ng pagkatuto sa isang leksyon sa paaralan, maraming kawangking bilog, iba-iba ang sukat, na inuugnay ng maaaring deretsong linya, putol-putol na linya, mula at tungo sa paligid ng isang malaking bilog. At sa malaking bilog, nakasulat: BUHAY NI TEO T. ANTONIO. Ang susunod na malaking bilog: TULA. At kung ako siguro ang guguhit, may isa pang bilog na maaaring sinlaki ng TULA. Susulatan ko ito ng BUHAY KO.

Dahil ang totoo, hindi ito popular biography lamang ng isang makata. Personal ko itong interes. May ulterior motive. Dahil sa panulat, at buhay ni Teo T. Antonio, kaya ako nagpursigi sa kung anuman ang ginagawa ko ngayon: guro, manunulat, makata. Mangingibig. Iyong pagkahumaling sa salita, sige, sa simpleng paghahanap ng lugod sa pagbabasa ng tula, galing iyon sa nabasa ko mula sa kaniya. Galing iyon sa aking paksa. At dahil personal ang pangunahing motibo ko—coincidental lang talaga ang akademikong dahilan—sa proyektong ito, anumang siguradong kakulangan at siguradong matatagpuang pagkakamali sa pagsasalaysay na ito, ay personal kong inaako. Ako lang ang may sala. Abswelto ang lahat.

Basta, gusto ko lang i-formalize kung baga. Saan ba nagtatagpo ang personal sa academic? Saan ba naghiiwalay ang pagnanais sa nararapat? Isang libro, dissertation, status message, Facebook post, o academic journal article gaya nito? Narito. Pero sa huli, ikaw bilang mambabasa ang magd-edesisyon sa kung ano ito. Bahala ka. At wala na akong magagawa lalo't, sa panahon sa hinaharap na binabasa mo ito, patay na ako.

### **Dahil dito**

#### **ANG PAARALAN KO**

Di ko maisulat ng lapis sa papel,  
pakikipag-usap sa alon at sagwan;  
Pero, naiguguhit ko sa tubig.  
Nababasa ko ang kalikasan ng ulap,  
kapag may daratal na unos.  
Nagiging orasan ko ang mga tala,  
kung dapat nang lumikas sa laot

sa kalaliman ng gabi.  
Ngunit isa mang salita sa aklat  
ay hindi ko maunawaan.  
Naging paaralan ko ang daungan at dagat.  
Tinistis ko ang nasirang lambat,  
pinag-aralan ang bakas ng alimango,  
pinulsihan ang kaluskos ng tubig  
na may kawan ng isda.  
Sagwan ay isipang gumagabay sa paglalayag,  
katig ang pusong umiibig sa alat ng tubig  
at layag ang pag-asa sa pagsalunga sa agos.  
Itinulos ang sumpang, “Anak-dagat akong  
maghuhunos ang balat sa alat at araw.”

(18 Abril 1983, *Taga sa Bato*)

HINDI NAMAN TALAGA SA akin ang sipi ng *Taga sa Bato*. Ipinahiram lang ito sa akin ng isang kaibigang maraming aklat at nagsusulat, si Jerry Gracio. Sa *Taga sa Bato* ko nabasa ang tulang “Ang Paaralan ko.”

Wala naman talaga akong masyadong interes sa tula noong mga nasa unang taon ako sa Philippine Normal University (marami ang “mga nasa unang taon” dahil walong taon ako sa kolehiyo, *magna sana*, hindi *magna cum laude*, magna, magna-nine years). Mahilig ako sa kuwento-kuwento kababasa kay Edgardo M. Reyes at Genoveva Edroza-Matute, sa mga kuwento sa *Liwayway* na binibili ng nanay ko, segunda mano, sa mga tindahan ng dyaryo sa bayan namin. Mahilig din ako sa sanaysay kahit wala namang malinaw akong nasusundang mananaysay noon (ehem, nananalo kasi ako lagi sa essay-writing contest noong high school ako, kaya naisip kong gusto ko ang sanaysay).

Nakuha lang ng tula ang binatilyo kong atensiyon dahil sa pamagat. Kaya binasa ko. Nang paulit-ulit. At mula sa tulang iyon, natiyak kong kaya palang isulat ng iba—ng estranghero! “Sino ba naman itong si Teo?” sa isip-isip ko—ang aking minumutyang karanasan. Sa isip ko, ako ang tinutukoy ng tula bukod sa bahagya na akong nakatuntong ng pag-aaral. Kung hindi man ako, marami akong kakilalang mangingisda, at oo, kaya nilang basahin at unawain ang kalikasan na hindi kayang gawin ng kahit sinong may “mas

mataas” na pinag-aralan. Kaya palang lamnin ng noo’y inaakala kong elit-istang sining ng pagtula ang karanasan ko, gaano man ito kaliit at kakaunti, sa pangingsda noong elementarya at high school.

Hindi ako magaling na mangingsda, hindi pa propesyonal na nagtawid ng kabuhatan ng pamilya sa pamamagitan ng pangingsda, pero alam ko ang kung tawagi’y basic: pumandaw sa pamanti, magbaon ng lawayan ng lambat, mag-aboy ng isda, magpangaw ng alimango, mangapa, mamintol, mamansing, magsukol, at iba pang gawaing ancillary ng pangingsda sa amin sa Valenzuela at paminsan-minsan, sa Obando. Tinuruan ako ng aking ama at ng dalawang kababatang pinsan, sina Leo at Joel, na mangingsda na minsan nga’y muntik nang maging dahilan ng maaga kong kamatayan sanhi ng pagkalunod isang gabi habang, ano pa nga ba, habang nangingsda, habang nagtatawid ng pamanti sa palaisdaang lagpas-tao ang lalim ng tubig. Sa pangingsda ako nagkakaroon ng dagdag na baon, ng masarap at sariwang ulam para sa pamilya. Sa pangingsda ako nagkaroon ng mga kakilala’t kaibigan, ng karanasang hindi ko man akalain noon, ay mahirap tumbasan ng halaga at diploma.

Mula nang makaengkuwentro ko ang “Ang Paaralan Ko,” bumakat sa isip ko ang ngalang Teo T. Antonio dahil sa tula niya tungkol sa minumutya kong karanasan. Dahil tulad ng isinasaad ng tula, hindi man ako, marami akong kakilalang nababasa ang hangin at bituin, napupulsohan ang pintig ng tubig, napapaamo ang agos kahit, o dahil, hindi nakatuntong ng pormal na pag-aaral. Pumasok sa isip ko ang pinakamagagaling maghayuma ng lambat sa amin, sina Lando alyas Kirat at Mang Lorenzo. Kung paano nilang nagagawang ayusin ang metro-metrong lambat nang walang krokis o plano tulad ng sa inhinyero at matapos ang pagtatahi-tahi sa bungkos ng lambat ay titindig ang diyakos, baklad, pukot, o agila; handa nang manghuli ng isda sa ilog samantalang hindi nakauunawa sa kung paano bumuo ng salita buhat sa alpabeto, na ang tanging masasabing literacy ay ang pagkilala sa halaga ng perang papel at barya. Kilala ko rin si Mang Quintin alyas Tinoy, kapatid ni Mang Peter, nagpapangaw ng alimango kahit nakapikit. Si Tibo at Toto, parang may magnet sa isdang ilog, lapitin kahit ng kuyagot. Kung paanong nagagawa nilang sumisid nang napakatagal, nang nakakatakot sa katagalan,

na hindi nalulunod. Kung paanong nagagawa nilang matapos ang katumbas na gawain ng limang tao na katulad ko ang ranggo sa pangingsida, bagets.

### **Bulacan, Bulakan, Bambang**

HALIMBAWANG WALA KANG MAGAWA ngayong oras na ito, kaya nag-browse-browse ka sa Internet. Tapos bigla mong naisip na puntahan ang opisyal na website ng lalawigan ng Bulacan. Wala. Randomness. Biglaan lang. Naisip mo. Kapag pinuntahan mo ang website ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan, halimbawa ngang napuntahan mo ito ngayong isinusulat ko ito, Oktubre 23, 2015, mababasa mo ang kasaysayan at etimolohiya ng “Bulacan” bilang pangalan ng isang bayan at lalawigan, na may generic na nakaraang may pananakop ng Español buhat pa noong ika-labing-anim na siglo at pagpapangalan buhat sa halaman, “bulak” o kapok. Kaya Bulacan. Parang santol kaya may Santulan. O dalandan kaya may Dalandanan. O balubad (kasuy) kaya may Balubaran. O mangga. O duhat.

Samantala, hindi ko alam kung may tampuhan ang bayan sa kaniyang katukayong lalawigan dahil ang nakalagay sa opisyal na .gov.ph na website na pangalan ng bayan ay “Bulacan,” hindi “Bulakan” na siyang ginagamit ng mismong bayan kung saan naroroon ang Bambang. Hmmmm.

Sa bulacan.gov.ph, Bulacan ang tawag sa munisipyo. Ganito din ang sa Comelec website. Pero hayun, tingnan ang naka-embossed na titik sa official seal ng mismong municipal hall ng bayan: “Bulakan, Bulacan.” Anong kabalaghang pulitikal ito? Aling ahensya ang dapat sundin? Ang pamahalaang panlalawigan o ang mismong munisipyo?

Ganito. Sa isang ordinansa ng lalawigan, malinaw na nakabukod ang baybay ng lalawigan sa bayan upang maiwasan ang kalituhan kung ang bayan o probinsya ang tinutukoy. Sa Ordinance no. C-004 noong taong 2007, ang “Bulakan” ay bayan o munisipyong dati ring kapitolyo ng lalawigan, samantalang ang “Bulacan” ay ang probinsya, lalawigan na may, uhm, pagkakakilanlang hindi ko masabi kung maganda. Na naranasan ko mismo. Sa Lucban, Quezon.

Sabi ng isang artikulo sa isang e-journal, ang *The People, Place, and Space Reader*, ang isa daw kasing lugar at identidad nito ay “inextricably bound to



one another.” Mahirap paghiwalayin ang identidad mo sa lugar kung saan ka galing, kung saan tubo. Dahil ang mga lugar ay may sari-sarili nilang pagkakakilalan na nagmula pa noong una, na maaaring bahagi na nga ng kultura nito.

Ang lugar at pagkatao ay “co-produced as people come to identify with where they live, shape it, however modestly, and are in turn shaped by their environments, creating distinctive *environmental autobiographies*, the narratives we hold from the memories of those spaces and places that shaped us.” Kaya hindi natin matanggal na kapag Ilocano, kuripot daw. Kapag Batangueño at Caviteño, matatapang daw.

Kapag Bikolano, oragon. O maanghang kumain. Kapag taga-Tundo, maton. Sa mas malaking hating pulitikal, bawat bansa ay may identidad na hindi maiaalis sa mamamayan nito. Maaaring hitsura, pagkain, kultura, gawi at asal, at marami pang ibang identipikasyon ng lugar na inilalapat sa tao. Ganito rin halos ang mas payak ngunit malawakang pagkakahati ng tagalungsod sa taga-probinsya. Sopistikasyon laban sa konserbatibo. Kaya may salitang balbal na may konotasyong hindi maganda: probinsyano.

Kaya, mabalik tayo, nang dumayo ako para dalawin ang kasintahan ko pa noong asawa ko na ngayon, tinanong ako ng ilang may edad sa Lucban kung tagasaan daw ako. Valenzuela, sabi ko. Sumagot: “Ahhhh, Bulacan. Bolero.”

Buti na lang hindi ako sumasagot sa matatanda. Mali naman kasi ang kanilang sinabi. 1975 pa naihiwalay ang Valenzuela sa lalawigan ng Bulacan. So technically and legally speaking, hindi na ako Bulakenyo dahil hindi na bahagi ng lalawigan ng Bulacan ang Valenzuela. At saka iyong bolero? Saan galing iyon?

Baka dito: dahil lalawigan ng maraming kilalang makata kaya naiuugnay ang Bulakenyo sa pagiging bolero. Bakit nga naman hindi? Talinghaga ang isa sa pinakamabisang sandata ng makata. Ligoy sa iba itong pananalinghaga. Iyong hindi pa deretsuhin ang sinasabi at idinadaan sa maraming analohiya at alusyon. Na maaari ngang sandata sa pambobola. Na hindi ko rin masabing taglay ko kahit pa nagmamakata ako. Na hindi ko rin masabing taglay ng paksa ko kahit pa isa siya sa pinakabantog na makata sa kasalukuyan. Dito na papasok ang “inextricably bound to one another.” Ako at ang malaong

ugnayan ng Valenzuela sa Bulacan at ang Bulacan bilang lugar kung saan nagmula at sumibol ang pagkarami-raming makata.

Kapag Bulacan kasi, hindi na maihihiwalay si Francisco Balagtas. Nariyan din si Marcelo H. del Pilar at Jose Corazon de Jesus. Kung nagbuklat-buklat pa ng aklat lalo na iyong tungkol sa kasaysayan ng panitikan sa bansa, lalo na iyong nasusulat sa Tagalog, lalong dadami: Virgilio S. Almario, Ariel Dim. Borlongan, Manuel Principe Bautista, Pedro Gatmaitan, Jesus Manuel Santiago, Pablo Reyna Libiran at marami pang ibang mayroon nang ningning na hindi nga lang singningning ng Balagtas at Huseng Batute. Pero hindi nangangahulugang bolero. O maraming chicks. Sorry, babaero daw talaga si Huseng Batute. Pwede rin naman kasing katapangan, o kabayanihan dahil sa mga Del Pilar (at si Marcelo, isa sa pinakadakilang anak ng Bulacan ay nagkataon ding isang makata bukod sa pagiging makabayang mama-mahayag). Sadya lang sigurong higit na marami ang mas naging tanyag na makata, mambeberso at mambibigkas na ang medium, natural ay salita, na karaniwang mapapakinggan o mababasa. Kaya siguro.

Bueno, itong identidad na ito ang isang taglay na marahil ay matagal pang mabubura, kung mabubura pa nga. O kailangan nga bang mabura?

Mula sa lalawigan hanggang sa lumang bayan, Bulacan at Bulakan, patungo sa mas maliit na yunit ng lugar. Patungo sa Bambang, ang pinakamalaking barangay ng bayan ng Bulakan.

Kanal ang Bambang. Daluyan ng tubig mula sa kung saan patungo hanggang sa kung saang karaniwan ay hahantong sa dagat. At dahil katabi ng dagat ang Bambang, malamang, sa maliliit na tributaryong lumihis sa malalapad na ilog na dinadaluyan ng tubig mula sa kabundukan sa Gitnang Luzon, mula sa Sierra Madre, kaya tinawag na bambang ang Bambang.

Alam ko na ang nayon ng Bambang sa Bulakan, Bulacan bago ko pa ito mabasa sa mga tula ni Teo T. Antonio.

UNA KONG NALAMAN ANG Bambang noong nasa elementarya ako. Busog ako sa gala dahil sa tatay kong dating pulis-Bulacan. Sa Bambang niya ako idinadaan patungong Malolos o Balagtas o Hagunoy (para mag-orbit?). Noong elementarya ako, dahil sa sobrang gala, isang bayan lang sa Bulacan

ang hindi ko pa nararating, ang bayan ng Doña Remedios Trinidad. Lahat napuntahan ko na. Ang alam ko, walang kalatoy-latoy ang destinasyon dahil hindi ko maintindihan ang pinag-uusapan ng kung sino mang pinuntahan namin ng tatay ko. Lagi nang pinananabikan ko ang paglalakbay. Hindi ako nakakatulog sa biyahe. Malinaw pa sa akin ang alaala ng mag-jamboree ang ditse kong girl scout sa San Jose del Monte, Bulacan. Hindi mapakali ang nanay ko sa kalagayan ng nawalay na anak na noon ay grade six pa lamang. Pinuntahan namin. Ako ang giya kung anong dyipni o bus ang sasakyan, kung saan ang terminal ng mga sasakyang ito, kung saan hihinto at bababa. Grade three lang ako noon. Nagmamalaking grade three. Noong grade six ako, nag-camping ako sa Los Baños, Laguna. Walang dumalaw sa akin. Sad life. Pero Boy Scout of the Year naman ako.

Ikalawa kong nakaengkuwentro ang Bambang dahil sa marami akong kklase noon sa unang dalawang taon ko sa high school sa Colegio de San Pascual Baylon (CSPB) na taga-Bambang. Dalawang taon ako sa CSPB bago “mawala” ang scholarship dahil sa 75 kong marka sa Algebra. Seryoso, pasang-awa. Hindi ako magkandituto sa mga  $x$  and  $y$  and  $z$  ng Algebra. Kaya tumigil ako ng aral sa pribadong paaralang pinalalakad ng mga pari at madre. Nawala ang mga kklase kong taga-Bambang, o mas tamang sabihing nawala ako. Napalitan ng mga kklase kong pawang taga-Valenzuela at Obando.

Alam ko ang hitsura ng bayan ni Teo T. Antonio. Kaya nang mabasa ko ang mga tula niya mula sa koleksiyong *Taga sa Bato*, nahulog na akong lalo sa kaniyang tula. Sino itong estrangherong tumutula sa ruta ng aking kabataan? Sino itong estrangherong may katulad na pagbabaguntao (alam ko, alam ko, nosebleed, pero ang pagbabaguntao lang naman ay pagbibinata, bagong tao. Gets?)? Sino itong estrangherong nakakakilala sa akin?

Ayokong magtangi. Ayokong sabihing Bulakenyo lamang ako. Ayokong sabihing nagmamakata o may masidhing pag-ibig sa talinghaga. Ayokong sabihing taga-palaisdaan, mamamalakaya. Kaunting kontribusyon ng bawat isang nabanggit ko. Bulakenyo pero sakop na ng Kalakhang Maynila ang Valenzuela; nagmamakata pero hindi naman masipag at masinop sa paglikha ng tula; mamamalakaya samantalang may manipis na bahagi lamang ng aking pagkatao ang sumagap ng lambat, ang pumandaw, ang namintol, ang lumanghap ng lansang,

ang nasubyang, ang muntik nang malunod. Pira-pirasong bahagi ng itinutula ni Teo, ni Jesus Manuel Santiago, ni Ariel Dim. Borlongan, ni Rio Alma.

Obando, na kanugnog lang halos ng Bambang ang masasabi kong tagpuan ng lugod ng pagmamakata ko at bilang mambabasa. May mga tulang mistulang para sa akin talaga. Na hanggang ngayon, tuwing babasahin ko, naaamoy ko ang lansa, at mabangong lansa ito ha, ng palaisdaan sa amin, nararamdaman ko ang pagtapak sa malambot na putik. Naluluha, bumabalik ako sa pagbabaguntau. Lalong-lalo na ang bahagi ng mahabang tulang ito:

### TUMANA'T ILOG SA BAMBANG

#### 1. Pamamangka

Sanga-sangang ilog ang kamusmusan,  
inihahatid ng alon sa iba't ibang daungan.  
Ginaygay ang magkasangang landas sa tubig-alat  
mula Bambang, Katwiran, Taliptip, Sta. Ana,  
Sta. Ines at Bagumbayan. Yugto ng pamamangkang  
kasama ang Ka Rey, Ka Lito at si Aging.  
Nasaksihan ko ang pamumulaklak ng diliwariw,  
pamumunga ng sasa, paglago ng bakawan at kulasi.  
Naunawaan kong mabigat na tungkulin  
habang sumasagwan, ang pamimiloto ng bangka.  
Maglunoy sa malalawak na ilog,  
maraanan ng mga mananakag na minagdamag  
sa panghuhuli ng talimusak. Humimpil sa bahay kubong  
malapit sa prinsang. Kung tanghali sa daungan,  
naroong maglaro ng beysbol, minsa'y basketbol,  
arnis o tumbang preso. Pagsisid ng araw,  
naroong maglaro ng taguan, harangang-taga at  
planggato. Sa umaga, maninirador ng iba't ibang  
ibon. Minsang sumablay si Dyunyor sa pag-asinta  
sa tirador ng bihirang dumalaw na kalaw at piskador.  
Gayong bihasang tudlain ang kasay-kasay at tikling.  
Minsa'y manyugyog ng punong sampalok o akasya,  
upang palagpakin ang mga kulumpon ng salagubang.  
Nang itayo sa daungan ang bahay ng Tatang Binoy,  
binura ng alon ang musmos na pakikipagsapalaran.  
Pero, tulos na naiwan sa pilapil ng malay  
ang gunitang tila dahon ng sasang nagsanga sa isipan.

## 2. Pamimilapil

Maging ang paghubad at pagbaligtad ng suot  
na baro ay pangaral na dapat tandaan;

Lalo na ang pakikiraan sa nuno sa punso.

Habilin itong dapat taglayin sa pamimilapil  
mula Bambang hanggang Pangulang.

Sa paglalagalag sa tumana,

naroong masugatan ng amoreseko ang paa't binti,

masaling ang makahiya, magpasasa sa pagyapak

sa buntong ng ginikan. Habang taglay ang

kapilyuhang mang-umit sa bakuran nang may

bakuran

ng kasoy, kamatsile at duhat. Kung tag-ulan,

naroong dalawin namin ni Rodrigo ang palundagan;

Tingnan kung may pumapalag na hito at bulig.

Magtampisaw sa matubig na pinitak.

Harutin ang tubig habang tumatakbo ang kalabaw.

Manalakab ng liwalo kasama si Dyunyor o mang-ilaw

ng palaka sa gabi. Inaruga ang musmos na malay

ng pagtutundos ng punla kung taniman,

ng pagsingkaw ng kalabaw sa araro,

ng paggapas ng lilik kung anihan

at paggiik kung nakahalyhay na ang uhay at palay.

Naalala ko nang tiradurin ni Manoling

ang panakot-uwak sa tumana; Ang pangunguha ng kuhol

ng Ka Carding upang gataan ng Nanang Bining.

Kung tag-araw, lumalabas ang guryon ni Mang Turing,

habang ang boka-boka, sapi-sapi't makukulay

na saranggola'y nakikipagdagitan sa maharot na amihan.

Nang tayuan ng suson-susong bahay ang tumana,

tulyapis na sinisiklot-siklot ng hangin ang

musmos na pamimilapil. Pero, nag-iwan ng binlid

at gilik sa diwa't makating alaalang nagbabalik.

...

Ganoon din ang danas. Namangka kami ng ama ko sa dulong Coloong patungo sa may gawi namin. Hitsura nang parang nasa kasukalan, kailangan iwasan ang punong palapat at sasang nakaharang sa ilog. Sa ganoong edad, pito o walo, tinamasa ko ang alaalang binuhay ng mahabang tulang ito ni Teo. Lalo pa't nang nabasa ko ang tula, nasa kolehiyo na ako't nag-iimben-

taryo na ng alaala para sa nakikitang posibilidad na maging manunulat sa hinaharap. At tulad ng sa tula, may daungan din kami ng aking mga kababata. Nagbe-baseball kami, namimingwit, naninirador. At bakit ba parang sina-sadya, paborito ko—at patuloy na hinahanap-hanap ngayon—ang sariwang talimusak na ipapangat sa kamyas o kamatis.

Gayundin, sa bisa ng tulang ito lalo na ang tungkol sa boka-bokang saranggola, muli kong naalala si Upeng, ang pinakamagaling gumawa ng guryon sa amin. Makisig na guryon. Matibay. Pantay na pantay ang mabining paglipad. Sa mga gaya kong hindi pantay ang sipat sa paggawa ng saranggola (kaya malabo akong maging inhinyero, ni kantero o karpitentero), nagkakasya na lamang ako sa boka-boka. Ilang tiklop ng papel, ilang hapit sa tingting (hindi kawayan, pangmalalaking saranggola ito), lagyan ng buntot na gawa sa papel na karaniwan ay mula sa pad paper na gamit sa paaralan na pinagdugtong-dugtong ng kanin bilang pandikit, at hayun. Wala ang gara ngunit naroon ang lugod na sa aking mga kamay nakasalalay ang buhay ng sapi-saping boka-boka.

Kaya nang una akong mabigyan ng pagkakataong kaswal na makakuwentuhan si Teo, ang una kong inusisa ay ang kaniyang mahabang tulang nasa itaas. Pangalawa na lang ang “Ang Paaralan Ko.” Para sa akin kasi, nasa tulang ito ang detalye ng aking pagkabata. Na oo nga’t naroon din sa “Ang Paaralan Ko,” pakiramdam ko, mas buo akong tao sa tulang “Tumana’t Ilog sa Bambang.”

TOTOO DAW ANG TULA. Totoo daw ang marami sa kaniyang mga tula, sabi mismo ng makatang si Teo. Na napatunayan ko, sa kahabaan ng pag-aaral na ito, na oo nga, malinaw ang detalye hindi lang kay Teo bilang persona/makata kung hindi sa mga pangalang nabanggit sa tula.

“Aa-ako ‘y’yung n-nan-nnirador...” ganyan ang bungad sa akin ni Ka Junior Antonio (siya ang Dyunyor na nasa tula, at sa marami pang tula ni Teo), pinsan at kababata ni Teo, nang minsang dumalaw ako sa kanila ni Ka Santiago Teodoro o Ka Aging sa Purok Dos para makahuntahan. At upang balikan ang alaala ng kabataan nila ni Teo. Nasa Purok Dos ang karamihan ng kamag-anak ni Teo sa magkabilang panig ng pamilya Antonio at Teodoro.

Naistrok na noon si Ka Junior, payat na payat na. Humal at hirap na hirap nang magsalita. Ngunit nais pa ring bigyang patotoo na siya nga ang laging kasa-kasama ni Teo sa paninirador, sa pangingisda, at kung minsan, pambabakaw o pagsipa palayo sa isdang nalaglag sa banyera ng may banyera na malinaw na nakatala sa ilan pang tula ni Teo na bumabalik sa kaniyang pagiging musmos noon sa Bambang.

Si Ka Dyunyor kasama si Ka Aging ang lagi nang kapangkat ni Teo sa maraming lakaran na sinasariwa niya sa tula. Magkakaklase sila sa Bambang Elementary School. Inamin ni Ka Aging na napakabait ni Teo, kung bagamat meron lang daw isang bisyo na inamin din ni Teo sa akin: nanghahalik ng magagandang kaklase, nakaw na halik, kahit pa masumbong at ipatawag ang magulang sa paaralan. Hindi raw katulad ni Ka Dyunyor na laging may nakakabuntalan, palibhasa raw ay malaki dahil mas matanda at bato-bato na ang katawan at sanay sa trabahong palaisdaan. Sa mga ganitong pagkakataon daw, nasa tabi lang si Teo. Miron.

Nagtayo rin daw sila noon ng combo, na dahil sa walang umaarkila marahil, kagyat nabuwag. “Uso kasi,” natatawang ginugunita ni Ka Aging, naging Kalihim ng Sangguniang Barangay ng Bambang noong kalagitnaan ng mga taong 2000 at ngayon, taong 2015, ay aktibong-aktibo sa pulitika at kung paano matatalo ang naghaharing pamilya ng Meneses sa munisipyo, kung bakit sila nagtayo ng combo kahit wala naman diumanong mahusay kumanta at tumugtog.

Nang mag-high school si Teo sa V. Mapa sa Mendiola, Maynila at napa-tira na nga sa Bilibid Viejo, tuwing bakasyon na lamang sila nabubuo, at gaya noong elementarya, itinutuloy nila ang kanilang abentura sa mga ilog at palaisdaan ng Bulakan. Ngunit kaiba sa nauna, mayroon nang sopistikasyon ng pagbibinata.

Nang huli kong balikan ang Bambang, matapos ang makailang ulit na pagpunta mula pa noong pagkabata, nakaramdam ako ng pag-aalinlangan kung ito nga ba ang Bambang ng kabataan ni Teo. Kung ito ba ang Bambang na matimyas na itinanghal sa tula, ang pinakatanyag marahil na tula, ni Emilio Mar. Antonio, ang ama ni Teo, sa bahagi ng tulang ito:

## ANG NAYON KO

Hayun sa malayo! Tanawin: kay-kitid;  
Lapitan: kay-lawak ng tanimang bukid;  
Sa bungad: sabana; sa hulo ay batis;  
Sa libis ay sapang pasapyaw ang tubig,  
Ay mga latiang ilog ang nagligid.

Sa may gitna nito, ng nayon kong hirang  
Ay may magkakatnig na sangang-lansangan;  
Sa dakong kaliwa; luwang ng lagusan  
Ng payao't ditong naglalakbay bayan;  
Ngunit anong kipot ng landas sa kanan,  
Sa puno: Bisita; sa dulo: Libingan!

...

Saka nilalang... ang kristal na tubig,  
Sa kailalima'y may lusaw na putik;  
Kung alin ang lalong tapat na pag-ibig,  
Siyang umaanod sa madlang panganib!  
(Sa batis ng buhay: tabsing ang ligalig  
na ang linalabo'y ang pananahimik.)

...

Mula sa kung saan ang malayong tinutukoy ng persona—ang nagsasalita sa tula—para tanawin ang nayon na walang ibang tinutukoy, ayon mismo sa anak, kay Teo, kung hindi ang Bambang. Tanawin sa malayo, kay kitid. Isang manipis na daang tanaw kung manggagaling sa Taliptip o sa kabayanan. Habang kalsadang may nakakapit na kalyehon at bulaos sa gilid-gilid.

Samantalang wala nang sabana sa bukana ng Bambang, mababakas pa rin ang batis—ngayo'y marumi na at mukhang barado—na tinutukoy sa tula. Naroon pa rin ang ilog, may ilang nakahimpil na gusgusing bangka, may dumadusdos na tubig buhat sa malaking bahagi ng Bulacan pababa at palabas sa Manila Bay na sakop ng bayan. Pero kapansin-pansin ang kumubkob nang malalawak na kabahayan at subdibisyon.



Naroon pa rin ang “magkakatnig na sangang-lansangan” na “anong kipot ng landas sa kanan,/Sa puno: Bisita; sa dulo: Libingan.” Naroon ang mausuleo ng mga Teodoro, ang pamilya buhat sa ina ni Teo, at ang sa Antonio. Isang nitso doon ang nakatanghal—may nakatitik na tula!—kung saan nakalibing ang makatang si Emilio Mar. Antonio.

Samantala, ganito halos lumipas ang kaniyang pagkabata at “pagbibinyag” sa Bulakan lalo na nang mapalipat na si Teo sa Maynila noong mag-high school sa V. Mapa, isang pagbabalik-tanaw na lamang ang Bambang at ang mga palaisdaan sa paligid nito na naging saksi sa pagtuklas ni Teo ng kaniyang abentura mula sa danas ng tuli:

### BAKASYON SA TANGOS

Pinaghilom ang sugat sa palaisdaan  
ng Lolo Ilyong, isang tag-araw;  
noong kami’y tuliin  
ng aking pinsang si Aging.  
Nagbaon ng bao ng niyog,  
sariwa’t tuyong dahon ng bayabas sa pagsusuob  
ng may baro-baruang aring may sugat,  
pagkaraang langgasin ng inilagang dahon ng bayabas.  
Isang ritwal ng pagtutuling masakit  
o “binyag” sa di na tatawaging paslit.  
“Binata na kayo!” biro ng Nanang Dely,  
para bang sa pamilya’y usapang malaki.  
...

### “Pamana” ng lahi at pamilya

KAHIT PA SA MAYNILA ipinanganak si Teo noong Nobyembre 29, 1946, sa Purok Dos ng Bambang nakatira ang karamihan sa mga kamag-anak ni Teo sa magkabilang panig ng kaniyang magulang. Lehitimong taga-Bambang si Andrea Teodoro, ang kaniyang ina, at si Emilio Mar. Antonio, ang kaniyang tanyag na ama, kung ang lehitimasyon ay pagtira sa isang lugar nang mahigit sansiglo.

Kung magmumula ka sa kabayanan ng Bulakan, Bulacan, ang palatandaan na nasa Purok Dos ka na ay kapag narating mo na ang maliit na tulay,

mga tatlong metro, na nagdurugtong sa Purok Dos at Tres. Kung sa hindi inaasahang pagkakataon ay malalampasan mo itong tulay, tiyak na hindi na magiging lingid sa iyo ang isa pang palatandaan, matandang palatandaan batay sa aking pagtatanong-tanong dahil inabutan na raw ito ni Ka Aging at Ka Dyunyor, na mga tindahan ng isda sa magkabilang biyas ng kalsada. Mga tindahang parang sa talipapa, pero nakahanay sa kalsada ng Bambang, ng Purok Dos. Kaya naglulusak ang gilid ng kalsada dahil sa patuloy pagbasa ng mga nagtitinda sa mga isdang kanilang ikinakalakal.

Nakapikit man, maaamoy mo ang bahaging ito. Makikita at mabibili dito ang mga maliliit na isdang bihira ko nang matikman: biyang puti at pukpok, talimusak, ayungin, banak, talilong, aligasín (ang totoo, pareho lang ang tatlong huling isdang binanggit ko, magkakaiba nga lang ng haba, pinakamahaba ang banak, pinakamaliit ang aligasín, ang talilong naman ang pinagmulan ng kasabihang “hilog talilong” na mukha ngang hilo lalo’t makikisabay sa agos na nililikha ng bangka, talon nang talon, parang hilo ang talilong, thus, hilong talilong). Mga isda kasi ito ng kabataan ko, noong nangingisda pa sa ilog ng Coloong ang tatay ko gamit ang kaniyang nakau-mang na diyakos. Sa hapon, mayroon din daw ilang tiklis ng talaba, tumpok ng tahong, bangus at tilapya. Wala sa talipapang ito ang mga isdang “class” tulad ng tuna o tanigue. Karaniwang huli lamang sa kalapit na ilog at malapit na dagat ang mga itinitinda, mga hindi nakasama sa biyahe ng mga sosyal na isda sa mas malalaking punduhan tulad ng sa Malabon o Navotas.

Mga sampung metro mula sa hilera ng tindahan ng isda, naroon ang isang bulaos na may tarangkahang bakal na nahubaran na ng kulay kaya’t kulay kalawang na, nasa gawing kaliwa kung patungo sa Obando. Ang kapit-bahay at katapat na kabahayan ng bulaos na ito ang compound ng pamilya Antonio. Sa harap ng bulaos na may mga bagong tayong kongkretong bahay dating nakatirik naman daw ang ancestral house, sa modelo ng tradisyonal na bahay-na-bato, ng pamilya Antonio.

Nagkusang buksan ng estranghero ang tarangkahang bakal ng bulaos na sinisimulan na ngang lingkisin ng kalawang, pumasok sa loob ang estrang-hero habang inalam sa pagtatanong kung nasaan ang bahay ni Mila Antonio Cubos, pinsang-buo ni Teo. Lalapas sa maliit na tahian ng damit pambata,

mga kabahayang gawa sa kahoy, habang hinahanggahan ng mababa, hanggang dibdib na mababang pader, ang bulaos sa gawing kanan.

Maririnig ang tawanan, sigawan, at iyakan ng mga bata, tatlo o apat o limang taong gulang marahil. May mga lalabas sa bahay sa gilid ng bulaos, papasok, sisilipin kung sino ang estrangherong pumapasok. Mapapaligon ang mga nananahi. Magtatanong ang estranghero sa kanila, “Sa’n ho ang bahay ni Ka Mila?” Sasamahan ng isa sa kanila, ang mismong may-ari ng patahian, ang estranghero sa isang maliit na bahay na kombinasyon ng magaspang na kongkreto at retaso ng kahoy.

“Nang Mila, may humahanap sa inyo. Joey daw po. Titser.”

Lalabas ang isang may edad nang babaeng naka-duster, maputi ang buhok, humpak ang butuhang mukha, yayat ang katawan. Retiradong titser sa Bambang Elementary School si Ka Mila, isang biyuda. Papapasukin niya ang estrangherong nagpakilala nang medyo matagal, nang medyo detalyado, dahil mahirap nang mapagkamalang miyembro ng budol-budol o akyat-bahay sa panahong ito. Nagpaliwanag ang estranghero ng kaniyang dahilan kung bakit siya nasa Bambang, kung bakit gustong makausap ang retiradong titser na hindi lang naging kababata ni Teo sa Bambang kung hindi nakasama pa mismo sa bahay sa Bilibid Viejo sa Maynila noong sabi ng retiradong titser ay nag-aaral pa siya sa National Teachers College noong dekada sienta.

Matapos maging prente sa pagkakaupo sa monobloc na silya, matapos ang, sa tantiya ng estranghero’y pagiging palagay na ng loob ang isa’t isa, sinimulan ni Ka Mila ang pagkukuwento.

Pinuri niya si Teo. Pero heto ang isang mabilis na pagpansin sa kung paano siya unang masisino batay lamang sa bigkas ng pangalan ni Teo. Si Ka Mila, kasama ng iba pang taga-Bambang ay binibigkas ang pangalan ni Teo bilang Te-o. Hindi Teyo. Te-o. Kapag ganito ang bigkas, Te-o, sa kahabaan ng proyektong ito, maaasahang kakilala o kaibigan niya sa Bulakan ang tumatawag. Maliban doon, Teyo na siya sa lahat. Maging sa estranghero, na inaanak niya sa kasal.

Pinuri na nga si Teo (Te-o), litanya ng papuri kung gaano siya kabuti, bagay na hindi na pinagtakhan ng estranghero dahil, ano nga ba ang dahilan kung bakit siya kakapanayam ng mga kababata ni Teo para sa kaniyang proyek-

tong biography, kung hindi itanghal si Teo bilang mabuti. Hagiography. Sa kahabaan ng pananalita ni Ka Mila, nabanggit niya ang parang ganito:

“Kahit papa’no, napamanahan din naman ako ng pagtula-tula.”

Namamana nga ba ang tula, tulad ng katangiang pisikal: kulay, tangkad, hugis ng mukha, timbre ng boses, bulas ng katawan? Tulad ng sakit na sinasabing hereditary tulad ng cancer at diabetes?

“Paano n’yo po nasabing ‘nakamana’ din kayo ng pagtula-tula?” pag-ungkat ng estranghero.

Nagtuturo daw si Ka Mila ng pagbigkas ng tula. Sumusulat din ng piyesa para sa sabayang pagbigkas at talumpati kapag may kompetisyon sa paaralan noong nagtuturo pa siya hanggang magretiro mga limang taon na ang lumilipas. Hindi raw iilang ulit siyang nakarating sa provincial contest bilang coach matapos manalo sa pambayang patimpalak kasama ang kaniyang pambatong estudyante. Nanalo rin daw siya mismo noong siya ay mag-aaral sa mga bigkasan at tulaan at talumpatian. Iyon ang katibayan niya ng namanang pagtula-tula.

Malinaw itong “mana” na ito kay Teo. Hari ng Balagtasian si Emilio Mar. Antonio. Kahit pa ang totoo, hindi gusto ng hari na mamana ng sinoman sa kaniyang mga supling ang pagiging makata, ang pagiging manunulat, ang pagiging alagad ng panitikan dahil lamang sa isang dahilan: walang pera ang maging manunulat. Ito ang kabilin-bilinan ng Emilio Mar. sa kaniyang mga anak. Huwag nang tahakin ang landas na dinaanan ng Hari ng Balagtasian.

Sinabi at hindi lang basta ipinahiwatig ni Emilio Mar. Derehta. Sa kaniyang panganay na anak na si Santiago Antonio o Ka Santy ipinagbilin: “Huwag ninyo nang manahin ‘yang aking propesyon.’ Dahil nga walang pera, walang gasinong pagpapahalaga sa sweldo noon at hanggang ngayon,” pagdi-riin pa ni Ka Santy na bilang pagtalima ay naging CPA at nagkaroon pa ng sariling accounting firm na nakabase noon sa Makati: “Kasi ganito ang nang-yari, my father diniscourage kaming lahat na pumasok sa panitikan. ‘Maliit ang pera d’yan. Mahirap d’yan. Mahirap,’ ibibilin ng father ko. Maraming karangalan pero di nga naman sapat.”

Itong mga akdang ito, sa mabilis na pagtatala ang hindi sapat na ipambuhay sa isang pamilyang may anim na supling:

Tatlong nobelang patula na nalathal sa *Liwayway*; nobelang kasama si Macario Pineda na nalathala din sa *Liwayway*; tatlong nobelang dugtungan ay yugtuan kahalili ang iba pang makata at manunulat; limang nobela sa *Bulaklak* na naisapelikula; tatlong mahahabang dulang patula sa radyo, DZRH; isang patulang nobela sa komiks; at anim na tulang nagkagantimpala.

Bukod pa nga ang pagkilala bilang natatanging mambibigkas sa mga pistahan at pagpuputong, bukod lalo na ang pagkilala bilang huling Hari ng Balagtasan noong Marso 20, 1954 nang gapiin si Nemesio Caravana sa paksang “Alin ang Lalong Mahalaga: Buhay Kahapon o Buhay Ngayon?” na ginanap sa Philippine Intenational Trade Fair sa Maynila.

Ang iba namang kapatid ni Teo, maliban nga kay Teo, ay nagkaroon ng iba’t ibang karera. Ang yumaong si Reynaldo o Ka Rey ay nagtrabaho bilang clerk sa University of Asia and Pacific kung saan naman naging dekanong School of Economics ang yumao ring si Dr. Emilio T. Antonio, Jr. o Emer. Si Adoracion, sa kabila ng pagtatapos ng AB English sa UE ay nagtrabaho sa isang non-government organization at naging executive assistant sa isang multinational corporation. Naging OFW naman si Ka Florante, ang bunso, na natunghayan na nga natin nang ipanganak.

Maraming makatang Bulakenyo na bagamat hindi kamag-anak ng Hari ng Balagtasan na anak ng isang duplero ay maaaring makamana o makaambon ng galing. Pero ano ba itong “mana” ng talento?

Tahasang sinabi ni Matthew Syed, isang Ingles na mamamahayag na nag-imbetiga hinggil sa pagpapasa o pagpapamana ng talento o galing o henyo, na walang genetic blueprint ang talento. Hindi daw ito tulad ng kulay ng mata o balat o buhok. Sinabi niya sa kaniyang aklat, na may mas maikling bersyon sa Internet, na *Bounce: The Myth of Talent and the Power of Practice* na ang galing o ang henyo ay bunga ng disiplina, ng pag-eensayo nang paulit-ulit. Iisa lamang ang format ng talento maging ito man ay sa matematika, sa agham, sa pagiging atleta, sa pagsasayaw, o maging sa pagsulat.

Kung sa batang edad ay nakikita na ng bata ang mabuting paggawa upang malinang ang kaniyang talento, nakikita o itinuturo ng magulang halimbawa, madali nitong mararating ang kagalingan, kagalingang minsan ay inaakala o

itinuturing na henyo. Na inaakalang taglay ng genes ng magulang at naipapasa sa mga anak.

Ngunit hindi naman tinatangal ni Syed ang aspekto ng heredity. Halimbawa, ang anak ng basketbolista ay maaaring ipanganak at lumaking matangkad, hereditary ang pisikal na katangiang ito, pero ang galing sa basketball na matututuhan niya ay hindi nakatatak sa kaniyang genes, sa halip, nakukuha niya ang galing na ito sa pagpapraktis halimbawa mula pa sa murang edad kasama ang kaniyang amang basketbolista. Ganito rin ang mga anak ng artista na nakakuha ng wika nga'y artistahing hitsura sa kaniyang magulang, subalit nalinang ang talino sa pag-arte dahil sa panonood at pagtuturo ng kaniyang magulang. Idinagdag pa ni Syed:

None of this is to deny the notion of heredity or the principles of Darwinism. The evidence shows that some kids start out better than others, whether at maths, English, golf, whatever. But, the key point is that, as the number of hours devoted to practise escalates, so the relevance of these initial differences melts away. Why? Because, over time, and with the right kind of practice, we change so much.

Hayun. Hindi naman pala biological na namamana. Sa obserbasyon ng bata, sa marahil ay hindi sinasadyang pagtuturo anuman itong karunungan ito: math man o tong-its o pagbigkas ng tula o pagsasayaw o pagiging atleta. Dahil totoo, kung mayroon nga namang henyo na, o talentado na, bakit kailangan pang hasain? Bakit kailangan pang mag-ensayo? Bakit kailangan pang mag-aral kung nasa kaniya na, namana na, ang talento o henyo ng ama? Bagay na mistulang inamin ni Teo sa kaniyang tula ang pagpapamana gamit ang simbolo ng makinilya:

#### ANTIGONG MAKINILYA

Tanging antigong makinilya ng aking ama  
ang naiwang yaman sa pamilya.

Maraming tula, balagtasang nobela't kuwento  
ang nalikha sa makinilyang ito.

Natamo ng aking ama ang katanyagan  
bilang kinikilalang makata ng bayan.

Sa makinilyang namana,  
tinuruan niya akong tumipa.  
Pero nang siya ay pumanaw  
ang antigong makinilya’y naging kaulayaw.  
Nagsalansan ako ng mga salita  
at nagsanay bumuo ng mga tula.  
Ipinadala ko sa mga pahayaga’t magasin  
ang mga unang bugso ng damdamin.  
Pinalad namang malathala  
at sunod-sunod na bumukal ang talinghaga.  
...

Namana ni Teo ang bertud ng talinghaga sa kaniyang ama, walang duda. Pero hindi sa isang “genetic inheritance” kung hindi sa pagtuturo, sa mata-mang obserbasyon. Dahil kung susuriing mabuti, si Teo lamang ang tanging naging makata at manunulat sa anim na magkakapatid. Si Teo lamang ang “napamanahan” samantalang ang kaniyang mga kapatid ay may iba’t ibang larangang masasabing malayo sa haraya at talinghaga: titser, propesor, accountant.

Sa tatlong naging anak ni Teo, wala ni isa man ang nagtuloy ng kaniyang talento. Nasa larangan ng Information Technology sa Singapore ang panganay na si Rosas, nars sa Estados Unidos ang pangalawang si Gat, at “nagmana” sa pagiging negosyante ng ina si Pol, ang bunso, na siya ngayong nag-aasikaso ng real estate business ng pamilya.

Sino ba kasi ang lahi ni Teo? Malinaw na nakatitik sa tula niya ang mahalagang papel ng kaniyang ninuno.

#### IKALIMAMPU’T SIYAM NA KAWAL *Kay Lolo Andres*

Matapos mahawi ang usok at putok  
sa may talahiban, biglaang nalugmok  
ang batang Heneral na tigmak sa dugo;  
sindak mo’t pangamba’y sa diwa bumugso.  
Sa likod ng paso kayo ay ginulat  
ng biglang salakay, kaya bumalikwas.

Nagpatay-patayan sa piling ng kawal  
na kapwa nandigma't katawa'y nabuwal.

...

(23 Hulyo 1986, *Taga sa Bato*)

Ang kuwentong nagpasalin-salin ay nakalulungkot isiping nakatitik na lamang sa memorya at sa tulang kinatha ni Teo buhat sa memoryang ito. Tootoo. Ang tangi diumanong kuwadernong nagtataglay ng tala sa pang-yayari ay sukat nawala kasama ang baul na pinalagyan. Sa panahon na ang kasaysayan ay dapat lagi nang may batayang dokumento, ang kasaysayan at kabayanihan ng kaniyang Lolo Andres ay masasabing nabubuhay na lamang sa tula ni Teo. Sa ilang mahabang tula din ni Teo isinalaysay niya ang bersyon ng kaniyang family tree sa lahi ng kaniyang ama at ina. Masasabi ring isa pang “pamana” kay Teo, bukod sa pagtula, ay ang pagmamahal sa bayang malinaw namang itinala ng kaniyang ama sa pamamagitan din, saan pa nga ba, kung hindi sa tulang nalathala noong dadalawang taon si Teo bilang regalo sa kaniyang kaarawan:

#### SUPLING

*Sa kaarawan ni Teo,  
29 ng Nobyembre 1948*

Nipot ka sa tangkay ng aming pagsuyo  
Na pangatlong supling na buko ng puso;  
Ngayong sumilang ka'y saka ko nakuro  
Ang pagkakalinga'y hindi gawang biro;  
Sapagkat supling ka  
Ng aming pagsinta,  
Ang natatanaw ko buhat sa malayo  
Ay isang tungkuling mabigat na lalo;  
Waring sa budhi ko'y may itinuturo  
Na pananagutang dapat ipangako.

...

Malulungkot ako, ako ay luluha  
Kung makita kitang tampulan ng pula;



Ikaw, na karugtong ng puso ko't diwa,  
Aking itatangis na mapanganyaya...!  
Kaya, sa araw mo  
Ang dalangi'y ito:  
Ikaw, sana, anak, ay maging dakila  
Na ikararangal ng Inang nagpala;  
Nawa'y lumaki kang bawat gintong nasa,  
Maukol sa iyong tinubuang lupa.

(22 Nobyembre 1948, *Liwayway*; muling nalathala sa *Taga sa Bato*)

Ganito rin magpamana si Teo sa mga anak, hindi na mabuburang marka ng mga taludtod at talinghagang iniakma sa iba't ibang okasyon: kaarawan, paglaki, unang sugat, sakit, pagkain, pagpasok sa paaralan, kolehiyo, at iba pang panulukang bato ng kanilang buhay. Hindi rin pinabayaan ni Teo ang mga kapatid. Isa't isa ay may tula hinggil sa iba't ibang okasyon: pagkilala sa kabutihan, paghihirap, kamatayan, sakit ng katawan dahil sa basketball, at iba pang karaniwan at kakatwa. Pero tandaan, hinding-hindi karaniwan ang maging bahagi ng aklat ng tula.

### **Kongklusyon at Rekomendasyon**

Dahil isa lamang ang malinaw na kongklusyon sa mga ganitong uri ng panimulang proyekto: walang malinaw na kongklusyon. Dahil bukod sa buhay na buhay pa ang paksa, bilang pagtalima sa mungkahi ni Edel na hangga't maaari ay buhay ang dapat na pag-aralan, patuloy ang paksa sa pagsulat, pakikisalamuha, at paghabi ng kaniyang buhay. Limitasyon din ang espasyo kung saan maaaring lumunsad ang ganitong uri ng teksto. Katunayan, kailangang magbigay ng mahigpit at ipatutupad na dedlayn ang mananaliksik hinggil sa tatanggaping impormasyon dahil patuloy itong dumarating buhat sa mismong paksa, ngunit mas madalas ay sa sinumang malapit sa paksa. Wika nga'y laging may kulang sa pananaliksik na ito. Hindi kailanman naramdaman ng mananaliksik na kumpleto (o nakumpleto na) ang kaniyang ginagawa. Ang nagsilbing pampinid na lamang ay ang katotohanang may panahon na dapat itong tapusin.

Ang masasabing kongklusyon lamang ng ganitong proyekto ay nakatuon na lamang marahil sa pagbibigay ng panibagong pagtingin sa paksa, kung may bago bang naging dulog sa paghawak ng mga ganitong uri ng pananaliksik at paksa? Sa ganitong punto, masasabi ng mananaliksik na nakatugon naman ang proyekto. Dahil una, bago ang paraan ng naratibo, may siste kung hindi man magaan at hindi nalalambungan ng teoryang makabibigat sa karaniwang mambabasa. Gayunman, ang bisa o efficacy ng ganitong paraan ng pananaliksik ay mas mapatutunayan kung ilalathala sa popular na midyum ang nilalaman ng pananaliksik, pagsasaaklat o blog halimbawa. Bagay na hinahangad ng mananaliksik sa simula pa lamang ng pagtatawid sa proyektong ito patungo sa kung anong anyo: journal, aklat, Facebook status, festschrift. Kung kaya, matapos ang proyekto, inihahain ng mananaliksik ang ilang rekomendasyon mula sa pananaliksik na ito:

Una, sa antas ng edukasyon at pedagohiya, maaaring magsagawa ng panibagong pananaliksik hinggil sa bisa o efficacy ng ganitong uri ng naratibo sa mambabasa; kung nakatutulong ba ito sa pagpapataas ng kamulatan upang tangkilikin ang panitikan sa labas ng maliit na bulwagan ng akademya. Anuman ang maging resulta nito ay tiyak na makatutulong pagpapalaganap ng kamulatang pangkultura sa mamamayan ng bansa.

Ikalawa, sa antas ng pag-aaral sa kasaysayan, mabuting magkaroon ng delimitadong pag-aaral ng panitikan buhat sa isang tiyak na hangganan ng panahon, maaaring taon o bahaging pangkasaysayan, upang mailapat ito sa iba pang bahagi ng kasaysayan nang sa gayon ay maihambing ang progresyon ng panitikan ng bansa batay sa panahon kung kailan ito binuo.

Maaari ding maging heyograpikal ang dulog kung hindi man batay sa panahon. Halimbawa, mabuting sipatin ang panitikang pumapaksa sa Maynila o sa U-Belt sa iba't ibang panahon, upang malaman ang impluwensiya ng mas makitid na heyograpika sa manunulat at makata at sa pagkabuo ng panitikan sa kabuuan.

Ikatlo, maaaring pag-aralan ang isang partikular na kolektiba—pormal man o hindi—upang makita ang dynamics ng grupo kung mayroon man sa ibinubunsod na panitikan. Maitatangi ba ng kolektibong kasapian ang

kanilang “uri” ng pagsulat kung mayroon man, o isa lamang ito nosyon na dapat nang resolbahin ng pananaliksik.

Ikaapat. Kung maging napakalawak man ng paksang ito bagamat iisang tao lamang naman ay sa dahilang mahaba ang panahong sinakop ng mananaliksik. Kung gayon, iminumungkahing magkaroon lamang ng tiyak na pagkakahati ng panahon o heyograpiya kung kailan at saan dapat pag-aralan ang kaniyang mga naisulat. Maaaring ang mga tulang naisulat noong dekada sitenta lamang, maaari din namang ang mga tulang naisulat tungkol sa Bulakan o ang mga tula niyang diasporic.

Ikalima. Maaaring magkaroon ng iba pang pag-aaral sa buhay ni Teo T. Antonio gamit naman ang ibang midyum: pelikula o dokumentaryo halimbawa upang makita ang magiging resulta ng fusion ng dalawang midyum, may lugod marahil na mapakinggan si Teo habang pinanonood ang kaniyang buhay batay sa interpretasyon ng direktor, at upang makita at maabot kung ano ang bisa nito sa mga tatangkilik na maaaring hindi taga-akademya gaya ng minimithing awdiyens ng pananaliksik na ito.

Ikaanim. Marami pang makata, manunulat, musikero at alagad ng sining sa kabuuan ang maaaring ilapat sa biyograpiya ang buhay na maaaring maging paksa pa ng mga pag-aaral at pananaliksik.

## Sanggunian

- Almario, Virgilio S. *Balagtatismo Versus Modernismo, Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Ateneo de Manila UP, 1984.
- . *Mutyang Dilim Ang Bagong Pormalismong Filipino sa Pagbasa ng Tula*. Talingdao Publishing House, 2001.
- . "Kapag Isinangkot ang Pagtula, ang Panulaang Filipino Tungo sa Bagong Milenyo." *Bulawan 2, Journal of Philippine Arts and Culture*. National Commission for Culture and the Arts, 2002, pp. 62-78.
- , ed. *Sansiglong Mahigit ng Makabagong Tula sa Filpinas Mga Piling Tula sa Bikol, Binisaya, Espanyol, Iluko, Ingles, Filipino, at Kapampangan*. Anvil, 2006.
- , ed. *Galian mga Akda sa Panahon ng Krisis*. Aklat Peskador, 1983.
- Antonio, Emilio Mar. *Ang Nayon Ko at iba pang tula*. Ateneo de Manila UP, 1999.
- Antonio Teo T. *Biro-biro Kung Sanlan*. Tagak Series, 1982.
- . *Taga sa Bato Mga Piling Tula 1973-1988*. Ateneo de Manila UP, 1991.
- . *Bagay bagay*. Anvil, 1992.
- . *Pira-pirasong Bituin*. U of the Philippines P, 1996.
- . *Kalawang sa Patalim*. Anvil, 1998.
- . *Ornamental*. University of Santo Tomas Publishing House. Maynila. 1998.
- . *Isang Daa't Isang Lungkot at Ligaya*. University of Santo Tomas Publishing House, 1999.
- . *Karikatura at iba pang Kontrabanda*. University of Santo Tomas Publishing House, 1999.
- . *Piping-dilat*. Philippine Centennial Commission, 2000.
- . *Mga Tula sa Pag-ibig*. Anvil, 2002.
- . *Sa Aking Soledad*. (Sariling lathala.), 2002.
- . *Pagsunog ng Dayami*. U of the Philippines P, 2003.
- . *Tilad na Dalit: mga piling tula 1973-1999*. U of the Philippines P, 2003.
- . *Distrungka*. University of Santo Tomas Publishing House, 2011.
- Bigornia, Mike. "Balani at Birtud ng Tula ni Teo T. Antonio," nasa *Biro-biro Kung Sanlan*. Tagak Series, 1982.
- Bold, Christine. *Using Narrative in Research*. Sage Publications Ltd., 2012.
- Edel, Leon. *Literary Biography*. Indiana UP, 1973.
- Gieseking, Jen Jack. Ed. *The People, Place, and Space Reader*. <http://peopleplacespace.org/toc/section-3/>, inaksess 26 Okt. 2015.
- Hesse-Biber, Sharlene Nagy, at Patricia Levy. *The Practice of Qualitative Research*. Sage Publications, Inc., 2006.
- Holmes, Richard. "Biography: Inventing the Truth," nasa *The Art of Literary Biography*, inedit ni John Batchelor. Clarendon P, 1995.

- Kilates, Marne L., ed. *Galian 6. Galian sa Arte at Tula*, 1985.
- Lumbera, Bienvenido L. *Tagalog Poetry 1570-1898 Traditions and Influences in its Development*. Ateneo de Manila UP, 1986.
- . *Reevaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. University of Santo Tomas Publishing House, 1997.
- Pantoja Hidalgo, Cristina. *Creative Nonfiction, A Manual for Filipino Writers*. U of the Philippines P, 2005.
- . *Six Sketches of Filipino Women Writers*. University of Santo Tomas Publishing House, 2011.
- Peters, Catherine. "Secondary Lives: Biography in Context," nasa *The Art of Literary Biography*, inedit ni John Batchelor. Clarendon P, 1995.
- Reyes, Jun Cruz. *Ka Amado*. U of the Philippines P, 2012.
- Romanillos, Emmanuel Luis A. *Biographical Literature In The Philippines*, <http://journals.upd.edu.ph/index.php/lel/article/viewFile/1781/1700>, inakses Mar. 31, 2016.
- Schlaeger, Jurgen. "Cult as Culture," nasa *The Art of Literary Biography*, inedit ni John Batchelor. Clarendon P, 1995.
- Syed, Matthew. *Bounce: The Myth of Talent and the Power of Practice*, <http://www.independent.co.uk/news/education/schools/the-truth-about-talent-can-genius-be-learned-or-is-it-preordained-2279690.html>, inakses 26 Okt. 2015.
- Tolentino, Rolando B., ed. *Writing to the Future: Poetika at Politika ng Malikhaing Pagsulat*. National Commission for Culture and the Arts, 2008.
- Zapanta Manlapaz, Edna. *Angela Manalang Gloria: A Literary Biography*. Ateneo de Manila UP, 1993.